

LANGIT O IMPIYERNO

Alin Ang Para Sa Iyo?

Dr. John E. Danish
Tagapagtatag, Berean Memorial Church,
Irving, TX

Ang Malaking Alalahanin

Natural lamang na mag-isip tayo kung ano talaga ang nangyayari sa isang tao matapos mamatay. Darating ang panahon tayo rin ay hahantong dito. Kapag ipinikit mo na ang iyong mga mata sa kamatayan, iyon na kaya ang katapusan ng iyong kamalayan? Kung hindi, saan kaya napupunta ang tao at sino kaya ang naroroon? Meron kayang banal at buhay na Diyos na haharapin? Meron kayang langit na puno ng kaligayahan at impiyerno na puro pagdurusang walang hanggan? Kung meron nga, ano ang nagtatakda kung saang lugar

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

pupunta ang tao? Ito ay dapat bigyang pansin at masagot mula sa mapagkakatiwalaang pagmumulan. Hindi mo makakayanan ang magkamali sa buhay na ito at ang susunod na walang hanggan.

Ang Maling Palagay

Sinumang taong matalino at marunong mangatuwiran sa iba't-ibang aspeto ng buhay ay inaakalang nasa kanyang kinamulang relihiyon ang katotohanan tungkol sa Diyos at sa mangyayari kasunod ng kamatayan. Ang nakapagtataka, hindi man lang nila sinusuri para sa kanilang sarili ang basehan ng kanilang paniniwala. Kung may buhay na kasunod sa langit man o sa impiyerno, paano natin malalaman ang hinihingi ng Diyos sa atin para makamit ang buhay na walang hanggan sa langit? Sino ang makakasagot sa

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

napakahalagang tanong na ito? Sa dami ng nagkakaiba at naglalaban-laban na relihiyon sa mundo, sino ang nagsasabi ng totoo tungkol sa Diyos? Ang maging mali sa mga katanungang ito ay magpapahamak sa iyong sarili sa pagdurusang walang hanggan sa impiyerno. Kaya nga, paano tayo magpapasya kung alin ang totoo sa mga bagay spiritual?

Pananaw ng Tao, Pananaw ng Diyos

Lahat ng paniniwala ng relihiyon ngayon ay maaaring tawaging pananaw ng tao (human viewpoint) o pananaw ng Diyos (divine viewpoint). Ang pananaw ng tao ay mga palagay ng tao na tama patungkol sa pagpunta sa langit at pag-iwas sa impiyerno na base sa kanilang pangangatuwiran. Sila ay nagkakasundo sa ganitong pananaw ng tao na minana nila sa dati nilang tagapamuno.

Ang pananaw ng Diyos sa isang banda, ay nakabase sa awtoridad na higit sa kakayahan at pangangatuwiran ng tao. Ito ay nahahayag sa Biblia, ang Salita ng Diyos. Ang Biblia lamang ang pinagmumulan ng kaisipan ng Diyos sa mundo patungkol sa kung paano makakamtan ang buhay na walang hanggan sa langit. Ang pananaw ng tao ay laging sumasalungat sa pananaw ng Diyos na nasa Biblia. Ang ating kapalaran ay natatakda ayon sa sinasabi ng Diyos sa Biblia hindi sa paraang ginagawa ng tao kung paano siya mapupunta sa langit.

Paano Mapupunta Sa Langit Ayon Sa Biblia

Ang Biblia ay naglalaman ng masamang balita mula sa Diyos para sa bawat tao. Una, sinasabi ng Biblia na ang bawat tao ay

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

makasalanan. Sabi ng Diyos, “*Sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos*” (Rom. 3:23). Ito ay nangangahulugan na ang bawat isa ay lumabag sa prinsipyong moral ng Diyos na nagbabawal sa mga kasalanan na katulad ng pagnanakaw, pagsisinungaling, pangangalunya, kasakiman, pagmamataas, pagpatay ng tao, at pagsuway sa magulang. Ang iba ay hindi gaanong nagkakasala kumpara sa iba subalit ang lahat ay nagkasala kaya ang lahat ay nakatakda sa kapahamakan ng impiyerno. Walang papantay sa “*kaluwalhatian ng Diyos*” at ito ay ang Kanyang ganap na katuwiran (moral perfection). Ito ay katangian na kinakailangan sa pagpasok sa langit sapagka’t ang Diyos ay banal. Gaano mang pagpapakabuti ang gawin ng isang tao, hindi siya aabot sa pamantayan ng kaluwalhatian ng Diyos. Samakatuwid, siya ay

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

hindi karapat-dapat sa langit. Ito ay masamang balita, subalit totoo.

Ang ikalawang masamang balita mula sa Diyos na nahayag sa Biblia ay ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan. Sabi ng Diyos: *“Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan”* (Rom. 6:23a). Dahil ang lahat ay nagkasala, lahat ay karapat-dapat sa kamatayan, ito ay ang walang hanggang paghihirap at tuluyang pagkahiwalay sa Diyos. Walang magagawa ang sinuman upang iwasan ang hatol ng Diyos na kamatayan, bagama’t maraming tao ang sumubok at nangabigo. Ito ay talagang masamang balita!

Ganon pa man, ang Biblia ay naglalaman din ng mga mabuting balita mula sa Diyos para sa mga taong makasalanan. Una, ang Biblia, ang Salita ng Diyos ay nagsasabing si Jesu-

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

Cristo ay namatay bilang kahalili ng mga makasalanan. *“Datapuwa’t ipinakikita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin, sa gayon, samantalang tayo ay mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin”* (Rom. 5:8). Dahil bilang makasalanan wala tayong magagawa upang bayaran ang ating mga kasalanan, ang Diyos mismo ang nagbayad ng kabayaran na kamatayan para sa atin sa pamamagitan ng pag-aalay ng Kanyang Anak, ang walang kasalanang Diyos at Tao na si Jesu-Cristo. Ito ay parang ang isang taong walang kasalanan ay inako ang hatol na bitay ng isang nagkasala at mamatay bilang kahalili upang ang nagkasala ay mabuhay. Ganon din, ang walang kasalanang si Jesu-Cristo ay inako ang hatol na kamatayan para sa atin at naghirap at namatay sa krus bilang ating kahalili. Siya ay namatay para sa atin. Matapos magbayad ng kamatayan para sa ating mga kasalanan, si Jesu-Cristo ay

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

nabuhay mula sa mga patay sapagkat wala Siyang sariling kasalanan. Yamang ang hustisya ng Diyos na laban sa atin ay nabigyang-kasiyahan dahil kay Cristo, ang kamatayan ay hindi maaaring pigilan si Jesus sa libingan kaya Siya’y nabuhay muli. Iyan ay mabuting balita.

Ang ikalawang mabuting balita mula sa Diyos na nasa Biblia ay ang katotohanan na ang tao ay puwede nang tumanggap ng buhay na walang hanggan sa langit na kaloob o regalo mula sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo bilang sariling Tagapagligtas. Sinasabi ng Biblia: *“Sapagkat sa biyaya kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at iyon ay hindi sa inyong sarili; ito ay kaloob ng Diyos; hindi sa mga gawa na baka ang sinuman ay magmayabang”* (Efeso 2:8,9). Ang kaligtasan

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

ay sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay Jesu-Cristo. *“Sapagkat gayon inibig ng Diyos ang sanlibutan na ipinagkaloob Niya ang Kanyang bugtong na isinilang na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa Kaniya ay hindi dapat mapahamak kundi magkaroon ng walang-hanggan buhay”* (Juan 3:16). Dahil ang lahat ng kasalanan ng tao ay nabayaran na ng Panginoong Jesus sa krus, maibibigay na ng Diyos Ama ang buhay na walang hanggan sa sinumang tatanggap nito sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang Anak. Ang pananampalataya ay paniniwala sa sinasabi ng Diyos tungkol sa pagpasok sa langit sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo na nagbayad ng lahat ng ating mga kasalanan. Ang pagsampalataya kay Jesu-Cristo para sa kaligtasan ay gaya ng pagtitiwala sa isang silya na susuportahan ka kapag ikaw ay

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

umupo. May pananampalataya ka dito na hindi ka babagsak kaya ka umupo dito.

Ang Nakamamatay Na Pagdadagdag

Ang paglalagak ng iyong pananampalataya kay Cristo lamang para sa iyong kaligtasan ay nangangahulugan din ng hindi pagdadagdag ng anumang gawa ng tao para sa kabayaran ng iyong mga kasalanan. Mga gawang tulad ng binyag, pagiging miyembro ng Iglesya, panalangin, mabuting gawa, magandang pag-uugali, penitensya, pagtupad sa mga sakramento o pagganap sa ritual ng relihiyon. Wala sa anumang mga ito ay iniuutos ng Diyos para sa kaligtasan. Kung ang alin man sa mga gawang nabanggit ay idadagdag para sa kabayaran ng kasalanan na ginawa na ni Jesu-Cristo, hindi maibibigay ng Diyos ang kaligtasan bilang ganap na biyayang kaloob.

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

Dahil sa biyaya lamang Niya puwedeng iligtas ang tao, ang pagdadagdag ng anumang mga gawa ay nangangahulugan na siya ay papunta pa rin sa kapahamakan ng impiyerno gaano man siya katapat. Kung tatanggapin natin ang kaligtasan bilang regalo at hindi pinaghirapang kaloob mula sa Diyos, ang ating kabutihan ay hindi puwedeng idagdag sa biyaya ng Diyos. Kaya nga ang sabi ng Biblia: *“Ngayon sa kaniya na gumagawa ay ang gantimpalang hindi itinuturing sa biyaya, kundi (bayad) sa utang. Datapuwa’t sa kaniya na hindi gumagawa, kundi nanampalataya sa kaniya na nagpapawalang-sala sa mga di-makaDiyos, ang kaniyang pananampalataya ay ibinibilang na katuwiran”* (Rom. 4:4,5). Mababasa rin natin *“At kung sa pamamagitan ng biyaya, kung gayon ito ay hindi sa mga gawa, kung hindi, ang biyaya ay hindi na biyaya”* (Rom. 11:6).

Maraming mga tao ngayon ay iniisip at umaasang sila’y pupuntang langit kapag namatay subalit ito’y hindi nila makakamit. Dinagdagan nila ng mga gawa ang kamatayan ni Jesu-Cristo upang makuha ang pabor ng Diyos para sa kaligtasan. Ang kabayaran ni Jesu-Cristo para sa kasalanan ng sanlibutan ay gawang natapos na at hindi na dapat ulitin at kung saan wala na at hindi na dapat dagdagan pa ng sinuman. Ang Biblia ay napakalinaw tungkol dito. *“Sapagkat si Cristo ay minsang nagdusa para sa mga kasalanan, ang matuwid para sa mga di-matuwid, upang Siya nawa ang magdala sa atin sa Diyos, na pinatay sa laman, datapuwa’t binuhay sa pamamagitan ng Espiritu”* (1Pedro 3:18). Kaya anumang tangkang isakripisyo muli si Jesu-Cristo sa isang walang-dugong seremonya gaya ng misa ay kabusungan. Anumang tangka ng

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

pagdadagdag ng mabuting gawa ng tao sa handog ni Cristo ay insulto sa biyaya ng Diyos. Ibibigay lamang Niya ang kaligtasan na biyayang kaloob at maliban dito hindi Niya ito ibibigay. Hindi mo puwedeng paghaluin ang biyaya ng Diyos at ang iyong gawa para mapunta ka sa langit. Kung ito ang ginagawa mo sa iyong relihiyon, dapat mong malaman sa ikaw ay patungo sa impiyerno. Ang hustisya ng Diyos ay hindi ka hahayaang pumunta sa langit sa ganoong paraan.

Ang Maliit na Pinto at Makipot na Daan

Ang pangkaraniwan at pinakamapanganib na maling pananaw ng tao ay marami daw daan papunta sa langit. Ang kaisipang ito ay laganap na paniniwala na ang iba't-ibang relihiyon, simbahan at denominasyon ay naglalakbay paakyat ng bundok sa iba't-ibang daan na lahat

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

ay makararating sa tuktok na langit. Ang pagtutol nila sa turo ng Biblia ay sa dahilang hindi maaaring isa lamang ang daan papunta sa langit, kung hindi, karamihan sa mga taong nilalang na may magkakaiba at salungat na paraan ng kaligtasan ay mapapahamak.

Nakikita sa pananaw ng tao na mahirap tanggapin na karamihan sa mga nilalang ay mapupunta sa impiyerno. Totoo namang karamihan sa mga tao ay hindi nagtitiwala sa paraan ng kaligtasan na sa pamamagitan lamang ni Jesu-Cristo na itinuturo ng Biblia.

Ang iba't-ibang paraan ng pagpunta sa langit, ganun pa man ay kinukundena ng Biblia na mali. Ang Diyos ay nagbigay lamang ng isang paraan ng pagpunta sa langit.

Nilinaw ito ng Panginoong Jesu-Cristo nang sinabi Niyang: *“Pumasok kayo sa makipot na tarangkahan: sapagkat maluwang ang tarangkahan, at malapad ang daan, na patungo*

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

sa kapahamakan, at marami sila na pumapasok doon. Dahil makipot ang tarangkahan at makitid ang daan na patungo sa buhay, kakaunti sila na nakasusumpong nito” (Mateo 7:13-14). Tinukoy ni Jesus na Siya ang maliit na pinto tungo sa buhay na walang hanggan. *“Ako ang pintuan; sa pamamagitan ko kung ang sinumang tao ay papasok, siya ay maliligtas, at makapapasok at makalalabas, at makasusumpong ng pastulan”* (Juan 10:9). Tinukoy din ni Jesus na Siya ang makipot na daan papunta sa langit. *“Sinabi ni Jesus sa kaniya, Ako ang daan, ang katotohanan at ang buhay: walang taong makalalapit sa Ama kundi sa pamamagitan ko”* (Juan 14:6). Maraming tao, sabi ni Jesus, ay hindi papasok sa maliit na lagusan at makipot na daan papuntang langit. Sa halip, pipiliin nilang pumasok sa maluwang na pinto at malawak na daan na kinatha ng aroganteng pangangatuwiran ng tao. Itong

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

pantaong paraan ng kaligtasan ay sasabihing kapag ikaw ay tapat ay tatanggapin ka din ng Diyos. Subalit sabi ni Jesus, ang kaligtasang nakabase sa maluwang na lagusan at malawak na daan ay magdadala sa tao sa walang hanggang kapahamakan sa impiyerno.

Karamihan sa mga taong nilalang ay tinatahak ang malawak na daan patungo sa dagat-dagatang apoy. Ang biyayang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo ay nasasaad sa Biblia, ang tanging daan, *“Sapagkat may iisang Diyos, at iisang tagapamagitan sa Diyos at sa tao, ang taong si Cristo Jesus; na nagbigay ng kanyang sarili na isang pantubos para sa lahat, upang mapatotohanan sa takdang panahon”* (1 Timoteo 2:5-6). Kakaunti lamang ang susunod sa daan ng Diyos papunta sa langit. Bakit hindi ka maging isa doon sa mga dadaan dito.

Ang Biblia Ba Ay Mapagkakatiwalaan

Kung ipagkakatiwala ng isang tao ang kanyang kapalaran kasunod ng kamatayan sa sinasabi ng Biblia, nararapat lamang na alamin natin kung ang Biblia nga ay mapagkakatiwalaang aklat mula sa Diyos. Ang Biblia ay sinulat ng humigit-kumulang sa 40 manunulat na umaabot sa tagal 1600 taon. Inaari nito na ang mga taong ito ay pinangunahan ng Banal na Espiritu ng Diyos habang sumusulat upang hindi sila makapagsulat ng mali. Kaya nga ang Biblia ay aklat na mula sa kapangyarihan ng Diyos at ito'y kakaiba dahil ito ay walang mali: ganap na walang anumang kamalian. Ito ay nararapat lamang kung ang Biblia ang tunay na awtoridad kung paano pupunta sa langit. Kung ang Diyos ang pinakamakapangyarihan sa lahat at kung gusto Niyang ipahayag ang Kanyang kaisipan

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

sa tao, hindi problema sa Diyos ang magpasulat sa tao ng aklat na walang mali. Ang Biblia ay talagang Salita ng Diyos at hindi salita ng tao kaya ito ay tunay na mapagkakatiwalaan.

Pinagmulan Ng Impormasyon

Sinasabi ng Biblia na ang mga laman ng 66 na aklat ng Biblia ay dumating sa mga manunulat nito sa pamamagitan ng “paghinga ng Diyos”. Ang salin sa inggles sa 2Tim. 3:16 na “All scripture is given by inspiration of God” ay nangangahulugan din ng “God-breathed” o paghinga ng Diyos. Ang ibig sabihin nito ay huminga ang Diyos sa isip ng mga manunulat at iyon ay nasulat sa Biblia. Walang paksa na sarili nilang katha. Ang itinuturo ng Biblia ay iyon lamang naihayag sa kanila kaya ito ay kaisipan ng Diyos. Kaya nga ang Biblia ay hindi tala ng karanasan sa

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

relihiyon at mithiin ng mga nagkakamaling manunulat. Ito ay Salita ng Diyos dahil Diyos mismo ang pinagmulan.

Paraan Ng Paghahatid

Sinasabi ng Biblia na matapos ibigay ng Diyos sa mga manunulat ang mga kaalaman na dapat masulat sa Biblia, ang Diyos Espiritu Santo ang gumabay sa kanila sa pagsulat. Sa 2Pedro 1:21, nakasulat na *“ang banal na mga tao ng Diyos ay nagsalita habang sila ay pinakilos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu”*. Sa wikang Griyego ang salitang "pinakilos" ay nangangahulugan ng “dalhin” o “pakilusin” gaya ng layag na pinakikilos ng hangin. Kaya nga ang mga taong manunulat ng Biblia ay hindi lamang tumanggap ng impormasyong mula sa Diyos kundi sila rin ay ginabayan sa pagsusulat ng mga ito upang

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

walang masulat na anumang kamalian. Sila ay hindi gumagawa sa sarili nilang kakayahan na maaring magsulat ng tama o mali. Bagama't ang manunulat ay sumulat ayon sa kaniyang sariling bokabularyo o estilo ng pagsusulat, kapag natapos na niya ang kanyang sinulat, ito ay walang maling tala ng kaisipan ng Diyos. Kaya nga tamang sabihin na ito ay nasulat sa pamamagitan ng paghinga ng Diyos sa bawat salita at sa lahat ng nilalaman nito. Ito lamang ang mapagkakatiwalaang aklat na ibinigay ng Diyos sa tao kung paano mapupunta sa langit.

Patunay Na Ang Biblia Ay Kinasihang Ng Diyos

Inaari ng Biblia na ito ay kinasihang ng Diyos kaya walang mali sa lahat ng itinuturo nito. Maaaring magtanong ang iba, “Bakit dapat paniwalaan ang Biblia na ito ang naglalaman ng

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

tunay na katotohanan?” Maaari itong sagutin ng “sapagkat ang Biblia ay kinasihan ng Diyos kaya ito ay tama sa katotohanang kanyang itinuturo”. Minsan ito ay tanong na paikut-ikot lang. “Puwede ba nating matiyak ang sinasabi ng Biblia na ito ay mula sa Diyos para pagtiwalaan natin ang Biblia sa sinasabi nito tungkol sa pagpunta sa langit?” “Napatunayan ba naman na nagkamali ang Biblia o may kamalian ito”.

Ang katapatan ng Biblia ay talagang makikita sa katunayan na ito ay may pagkakaisa at pagkakaayon sa mga mensahe nito bagama't ito ay isinulat sa loob ng umaabot sa 16 na siglo ng iba't ibang manunulat. Ang mga lalaking ito minsan ay hindi man lang nabasa ang aklat ng ibang manunulat. Ganun pa man, sa kabila ng ganong kalagayan, walang pagsasalungatan sa Biblia. Hindi ito totoo sa

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

ano mang banal na aklat ng mga relihiyon sa mundo kahit isinulat ng iisang tao lamang. Ito ay totoo lamang sa Biblia dahil ito lamang ang tunay na aklat na mula sa Diyos. Siya lamang ang may-akda at bilang Diyos hindi niya sasalungatin ang Kanyang sarili.

Ang Tunay Na May-kapangyarihan

Ang Biblia ay hindi nakapagtala ng anumang pangkasaysayan, heograpiko o siyentipikong kamalian. Ano mang hamon sa kawastuhan ng Biblia pagkalipas ng panahon ay makikita lamang na walang batayan. Ang arkeologo ay maraming nadiskubre na nagpapatunay sa katotohanan ng Biblia.

Walang anumang aklat ng mga relihiyon sa mundo na nagpapahayag ng tungkol sa Diyos ang mag-aaring walang kamalian. Ang mga ito ay naglalaman ng kamalian na sumasalungat sa

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

Biblia. Ang Biblia lamang ang nag-aaring ito ay mensahe ng Diyos para sa tao. Ito lamang ang may huling salita sa mga bagay patungkol sa relasyon ng tao sa Diyos at sa buhay na walang hanggan sa langit kasunod ng kamatayan.

Walang relihiyon, denominasyon ng simbahan o pinuno ng iglesya ang maaring magtakda kung paano mapapatawad ng banal na Diyos ang isang taong makasalanan upang tanggapin sa langit. Ang Diyos lamang ang makakasagot niyan at ginawa Niya ito sa kanyang walang kamaliang Biblia. Ano man ang pinaniniwalaan ng tao kung paano pupunta sa langit ay dapat manggaling sa Biblia kung gusto niyang makasiguro na siya ay nasa tamang landas.

Ito ay binigyang diin sa pahayag ng Panginoong Jesus tungkol sa isang mayamang lalaki at kay Lazaro sa Lucas 16:19-31. Pareho silang namatay at ang kanilang kaluluwa ay

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

pumunta sa dapat nilang paroonan. Dahil ang mayamang lalaki ay hindi mananampalataya, siya ay napunta sa impiyerno. Doon ay naranasan na niya ang paghihirap sa init ng apoy. Si lazaro ay napunta sa Paraiso at nakakaranas ng tunay na kaligayahan. Ang mayamang lalaki ay nagmakaawa sa kaniyang ninunong si Abraham na dalhan siya ni Lazaro ng kahit na isang patak ng tubig sa kanyang daliri upang palamigin ang kanyang nagbabaga at tuyong dila. Subalit sinabi ni Abraham na ito ay hindi maaari sapagkat mayroong bangin na magpakailanman ay naghihiwalay sa kanya sa Diyos at sa Kanyang mga pinili. Kaya hiniling ng mayamang lalaki na pabalikin niya si Lazaro sa lupa upang balaan ang limang kapatid ng mayamang lalaki tungkol sa katotohanan ng impiyerno at sa kanilang pangangailangan na maipanganak na muli sa pamamagitan ng pananampalataya sa Panginoong Jesus na

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

Tagapagligtas. Hindi niya gustong makasama ang kanyang mga kapatid sa walang-hanggang paghihirap sa impiyerno.

Tumugon si Abraham sa pagpapaalala sa mayamang lalaki na ang kanyang mga kapatid ay may Biblia para balaan sila tungkol sa impiyerno at ituro sa kanila ang kaligtasan. *“Sinabi ni Abraham sa kaniya, Taglay nila si Moises at ang mga propeta; hayaan silang makinig sa kanila. At sinabi niya, Hindi, ninunong Abraham: datapuwat kung ang isa ay makakapunta na mula sa mga patay, sila ay magsisisi. At sinabi niya sa kaniya, kung hindi nila pakikinggan si Moises at ang mga propeta, ay hindi rin sila mahihikayat, bagaman ang isa ay bumangon mula sa mga patay”* (Lucas 16:29-31). Sa haba na ng panahon, milyun-milyong mga taong nag-alinlangan ang sumunod sa karanasan ng mayamang lalaki

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

nang malaman nila kung gaano katotoo ang Biblia tungkol sa kaparusahan sa impiyerno at sa kaligtasang sa biyaya lamang. Ang Biblia lamang ang makapagsasabi sa atin ng tunay na daan patungo sa langit. Wala nang higit na may-kapangyarihan dito sa lupa na nagsasalita para sa Diyos ang may kasagutan dito.

Ngayon Dapat Kang Magpasya.

Nais ng babasahing ito na ipaliwanag kung ano ang pahayag ng Biblia tungkol sa pagpunta sa langit. Ang susi ng buhay na walang hanggan sa langit ay makapagliligtas na pananampalataya sa Cordero ng Diyos, si Jesu-Cristo, na namatay sa krus para sa kabayaran ng ating mga kasalanan. Ang pananampalatayang nakapagliligtas sa tao at nagbubunga ng buhay na walang hanggan sa langit ay kinasasangkapan ng tatlong bagay. Una, Ikaw ay dapat magkaroon ng kaalaman tungkol sa mabuting

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

balita ng biyaya ng Diyos. Ang ebanghelyo o mabuting balita ay nagsasabing si Jesu-Cristo ay namatay para sa ating mga makasalanan at nabuhay muli mula sa mga patay (1Cor. 15:3-4). Meron ka na ngayong kaalaman. Ang ikalawang bagay para ika ay sumampalataya ay ang pagtanggap sa katotohanan ng ebanghelyo. Ito ay personal na paniniwala na ang Biblia ang nagbibigay ng katotohanan kung paano ka mapupunta sa langit. Ang ikatlong bagay na kinakailangan para sa pananampalatayang makapagliligtas ay ang pagtanggap kay Jesus bilang sariling Tagapagliligtas. Kinakailangang ipagkatiwala mo ang iyong sariling kaligtasan sa Kanya lamang na hindi mo dadagdagan ng anumang gawa. Ipinagkatiwala mo na ba ang iyong kaligtasan kay Jesu-Cristo?

Ang tatlong bagay na ito na bahagi ng pananampalatayang makapagliligtas ay

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

maisalarawan ng apat na taong nahaharap sa kamatayan sa lumulubog na barko sa dagat. Ang kanilang tanging pag-asa para maligtas sa tiyak na kamatayan ay ang lifeboat. Ang una sa kanila ay hindi man lang alam na may lifeboat ang barko kaya siya ay kasamang nalubog sa dagat. Wala siyang kaalaman katulad ng isang hindi nakakaalam ng ebanghelyo. Ang ikalawa ay alam na may lifeboat subalit hindi naniniwalang ito ay lulutang kaya hindi niya ito ginamit at napahamak din sa dagat. Sa isip niya ay hindi mapagkakatiwalaan ang lifeboat at siya ay kagaya ng taong hindi naniwala sa biyayang walang gawa na paraan ng kaligtasan mula sa Biblia, na ito ay makapagliligtas sa kanya. Ang ikatlo ay alam na may lifeboat, at naniniwalang ito ay lulutang, subalit sa ibang dahilan hindi niyang piniling pumunta o pumasok sa lifeboat. Siya rin at napahamak sa dagat. Hindi siya gumawa ng hakbang, katulad

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

ng taong ipinagpapaliban ang pagtanggap kay Jesu-Cristo lamang para sa kanyang kaligtasan. Ang ikaapat ay alam na may lifeboat, naniwalang ito ay lulutang, nagtiwala at sumakay dito at naligtas sa kapahamakan sa dagat. Siya ay katulad ng taong alam ang mabuting balita ng kaligtasan, tinanggap ito na totoo at ipinagkatiwala ang kanyang kaligtasan kay Jesus lamang at siya'y naligtas. Siya ay ipinanganak na muli sa buhay espirituwal, ang kanyang kasalanang nakaraan, kasalukuyan at sa hinaharap ay pinatawad na. Ang sakdal na katuwiran ng Diyos ay ibinabahagi sa kanya at siya'y inaring matuwid. Ang kanyang tadhanang mamuhay sa langit magpakailan man kasama ng Diyos ay hindi na mababago. Pumasok ka na ba sa lifeboat ng kaligtasan na si Jesu-Cristo sa pamamagitan ng pananampalatayang makapagliligtas?

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

Makakaya mo bang tanggihan Siya kung ang kapalit nito ay kapahamakang walang hanggan.

Kapag ang tao ay nagtiwala sa Panginoong Jesu-Cristo na iligtas siya mula sa impiyerno patungo sa langit, ibinabahagi sa kanya ng Diyos ang ganap na katuwiran ni Cristo. Dahil doon, nakikita ng Diyos Ama ang makasalanang sumasampalataya na kasing sakdal at banal gaya ng Kanyang Anak na si Jesus. Ang ating kasalanan ay pinalitan na ng katuwiran ni Cristo. Sabi ng Biblia:

“Datapuwa’t sa kaniya kayo ay na kay Cristo Jesus, na mula sa Diyos ay ginawa sa atin na karunungan, at katuwiran, at pagpapabanal, at katubusan:” (1 Cor. 1:30). At sa 2Cor 5:21

“Sapagkat siya ay ginawa niyang kasalanan para sa atin, na siyang walang nakilalang kasalanan; upang tayo nawa ay maging katuwiran ng Dios sa kaniya”. Kaya sa mata ng

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

Diyos, ang tao ay inaaring ganap katulad ni Jesu-Cristo at siya ay nagiging karapat-dapat na pumasok ng langit.

Kaligtasang Hindi Nawawala.

Kapag ang tao ay ipinanganak na muli espirituwal sa pamilya ng Diyos, hindi na muling mawawala ang kanyang kaligtasan. Sinabi ng Panginoong Jesu-Cristo: *“Ang aking mga tupa ay nakikinig sa tinig ko, at nakikilala ko sila, at sila ay sumusunod sa akin; at ako ay nagbibigay sa kanila ng walang-hanggang buhay, at sila ay hindi kailanman mapapahamak, ni maaagaw sila ng sinumang tao mula sa aking mga kamay. Ang aking Ama, na nagbibigay sa kanila sa akin, ay lalong dakila kaysa sa lahat; at walang taong makakayang agawin sila mula sa kamay ng aking Ama.”* (Juan 10:27-29). Yamang ang

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

kaligtasan ay gawa ng Diyos lamang at walang idinadagdag ang taong makasalanan, ang kanyang gawa ay hindi puwedeng sirain o pahinain ng tao. Sinumang hindi sigurado sa pagpunta sa langit at masasabi lamang na, “sana”, ay mapapahamak pa rin at pupuntang impiyerno. Ang ganoong pahayag ng pag-aalinlangan ay nagpapakita lamang na siya ay nagtitiwala sa ibang bagay na dapat niyang gawin at hindi sigurado kung sapat na ang kanyang nagawa. Anong ligayang malaman na ang Diyos ang gumawa ng lahat para sa ating kaligtasan sa pamamagitan ng kanyang Anak na si Jesu-Cristo! Tinatanggap lamang natin ang kaligtasan bilang regalo mula sa Diyos at hindi Niya ito babawiing muli kung meron man tayong nagawang kasalanan.

Ang pananatili ng ating kaligtasan kapag ito’y tinanggap ay ating makikita nang ito ay

inihalintulad ng Biblia sa isang kapanganakan na nagiging sanhi upang tayo ay maging anak ng ating mga magulang. Ang kapanganakan ay hindi na mababago kaya hindi na mawawala ang ating pagiging anak ng ating mga magulang. Inilarawan ni Jesus ang kaligtasan na kapanganakang espirituwal bilang tugon sa tanong ng isang pinuno ng relihiyon na si Nicodemo. *“Si Jesus ay sumagot at sinabi sa kanya, “Katotohanan, katotohanang, sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang isang tao ay maipanganak na muli, ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.”* (Juan 3:3). Kapag ikaw ay ipinanganak na muli sa Espiritu at naging anak ng Diyos, hindi na mawawala ang iyong pagiging anak Niya. Didisiplinahin ng Diyos ang Kanyang mga anak, nguni’t mananatili pa rin silang anak magpakailanman. Kaya nga, ang proseso ng kapanganakang espiritwal ay hindi na rin mababago.

Ang Malaking Panlilinglang

Milyun-milyong mga tao na ang nadaya ni Satanas nang ipagkatiwala nila ang kanilang kapalaran sa maling paraan ng kaligtasan. Palagay nila sila ay tama sa Diyos at iniisip nila na sila ay papuntang langit. Nagbabala ang Panginoon Jesus sa Biblia na ang kapahamakan na ito ay mangyayari sa mga taong nagtitiwala sa kaligtasang mula sa kaisipan ng tao. *“Hindi ang bawat isa na nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi siya na gumagawa sa kalooban ng aking Ama na nasa langit. Marami ang magsasabi sa akin sa araw na iyon, Panginoon, Panginoon, hindi ba kami nanghula sa iyong pangalan? at sa iyong pangalan ay nakapagpalayas ng mga diyablo? at sa iyong pangalan ay gumawa ng maraming*

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

kamangha-manghang mga gawa? At sa gayon ay ipahahayag ko sa kanila, Kailanman ay hindi ko kayo nakilala: lumayo mula sa akin, kayo na gumagawa ng pagsalangsang.” (Mateo 7:21-23).

Ang mga taong ito ay malinaw na may relihiyon na kanilang iniuugnay kay Jesu-Cristo. Talagang tinatawag nila Siyang “Panginoon” at pinupuri Siya. Talagang nagpapalayas sila ng demonyo sa mga tao at gumagawa ng milagro sa Kanyang pangalan. Subali’t hindi sila nagtitiwala kay Cristo lamang para sa kanilang kaligtasan. Idinadagdag nila ang kanilang mabuting gawa at rituwal ng kanilang relihiyon upang maging karapat-dapat sa Diyos. Meron nga silang relihiyon subalit walang personal na relasyon sa Panginoong Jesu-Cristo. Ang kahanga-hangang bagay na kanilang ginagawa ay hindi mula sa

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

kapangyarihan ng Diyos kundi kay Satanas. Nakakatakot at nakakakilabot na humarap sa Panginoong Jesu-Cristo at marinig mo ang Kanyang pagtangga kung saan wala nang ikalawang pagkakataon upang maligtas. Maraming luha at matinding sakit ang mararamdaman ng mga taong tapat subalit nadaya kapag sila ay itinapon sa impiyerno, sa lawa ng apoy. Dahil lamang sa hindi nila hinanap ang kasagutan kung paano mapupunta sa langit na matatagpuan lamang sa Biblia, ang Salita ng Diyos.

Ang pagsunod sa pantaong kaisipan ng mga pari, mangangaral, iglesya at denominasyon tungkol sa maling paraan ng kaligtasan ay pagbabayaran mo magpakailanman. Ihambing mo ito sa mga naipakita namin na itinuturo ng Biblia tungkol sa kaligtasan. *“At sinabi nila, sumampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo, at*

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

ikaw ay maliligtas, at ang iyong sambahayan” (Gawa 16:31). *“Siya na sumasampalataya sa Anak ay may walang-hanggang buhay at siya na hindi sumasampalataya sa Anak ay hindi makikita ang buhay; kundi ang poot ng Diyos ang nananahan sa kanya”* (Juan 3:36). *“Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo na sumasampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos; upang inyo nawang malaman na kayo ay may walang hanggang buhay, at upang kayo nawa ay manampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos”* (1Juan 5:13).

Ang Hakbang Ng Pananampalataya

Ang pagsampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo na nabubuhay ay napakapersonal na bagay sa pagitan mo at ng Diyos. Hindi ito nangangailangan ng kilos sa publiko gaya ng paglapit sa altar bilang tugon sa imbitasyon o

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

pagtaas ng kamay para sa panalanging maligtas. Ang mga gawang iyon ay nagdala sa napakalaking bilang na naghahanap ng kaligtasan na maguluhan at ipalagay na ang kanilang kilos sa publiko ay hakbang sa kaligtasan. Sa halip na pagsampalataya kay Cristo bilang Tagapagligtas, sila ay naging kasapi ng iglesya at mapapahamak pa rin papuntang impiyerno.

Kung handa ka nang magtiwala kay Jesu-Cristo para sa iyong pagpunta sa langit at tanggapin Siya bilang iyong sariling Tagapagligtas, maaari mong sabihin iyan sa Diyos Ama sa mga ganitong kataga o sa iyong sarili:

“Amang Diyos, alam ko pong ako ay makasalanan at patay sa buhay espirituwal. Ako’y naniniwalang namatay ang Iyong Anak

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

na si Jesu-Cristo upang bayaran ang aking mga kasalanan at nabuhay mag-uli upang buhayin ako espirituwal. Ako ngayon ay nagtitiwala sa Kanya bilang sariling Tagapagligtas. Salamat po sa kapatawaran ng aking mga kasalanan, sa pagbibigay sa akin ng iyong katuwiran at sa buhay na walang hanggang kasama ka sa langit. Salamat po. Sa pangalan ni Jesus, Amen.”

Kung naging kapasyahan mo ang tanggapin si Jesus bilang sariling Tagapagligtas, kailangan mong lumago sa iyong bagong buhay espirituwal. Narito ang apat na mahahalagang bagay na dapat mong isaalang-alang.

Panalangin.

Ang panalangin ay susi sa buhay Cristiano. Maaari ka na ngayong tumawag sa Diyos bilang Ama sa panalangin, ito ay hindi totoo sa

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

iyo noon. Maaari mo na Siyang sambahin at purihin sa Kanyang pag-ibig, kabanalan, kapangyarihan at kaluwalhatian. Mahihingi mo na ang pang araw-araw na kapatawaran sa iyong nagagawang kasalanan. Walang taong hindi nagkakasala kahit na mga anak ng Diyos, ngunit *“kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay matapat at matuwid Siya upang patawarin tayo sa ating mga kasalanan at upang linisin tayo mula sa lahat ng di-pagkamatuwid”* (1Juan 1:9). Tatanggapin Niya ang pasasalamat mo sa araw-araw Niyang kabutihan. Mapapasalamatan mo Siya sa buhay na walang hanggan at sa pang-araw-araw na biyaya mong tinatanggap. Mahihingi mo rin ang Kanyang tulong, kalakasan at pag-iingat at gayon din maaari mong tulungan sa panalangin ang ibang tao.

Pag-aaral ng Biblia.

Ang pananalangin ay pakikipag-usap sa Diyos. Sa pagbabasa ng Biblia, nangungusap sa iyo ang Diyos. Napakahalaga ng Salita ng Diyos sa ating buhay espirituwal. Gaya ng pagkaing para sa ating katawang pisikal, ang salita ng Diyos ang ating pagkaing espirituwal. *“Ang tao ay hindi nabubuhay sa pamamagitan ng tinapay lamang, kundi sa pamamagitan ng bawat salita na lumalabas mula sa bibig ng Diyos”* (Mateo 4:4). Dito mo malalaman ang kalooban ng Diyos upang maipamuhay mo ng tama ang buhay-Cristiano. Sa pagbabasa ng Biblia, hingin mo ang Kanyang gabay upang maunawan mo ito.

Pakikipagtipon sa mga Mananampalataya

Ngayong bahagi ka na ng pamilya ng Diyos, nais Niyang makasama mo ang iyong mga

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

kapatiran sa pananampalataya. *“Hindi pinababayaan ang sama-sama nating pagtitipon, gaya ng ugali ng ilan; kundi tinatagubilinan ang isa’t-isa: at lalong higit, gaya ng nakikita ninyong ang araw ay papalapit na”* (Heb. 10:25). Naging bahagi ka ng pamilya ng Diyos , gayon din dapat kang maging bahagi ng isang iglesya-lokal. Maaari mong gawing gabay ang mga sumusunod sa pagpili ng iglesya-lokal:

1. Na ito ay nagtuturo na ang lahat ng nasusulat sa Biblia ay Salita ng Diyos (2Timoteo 3:16, 2 Pedro 1:21) at ito lamang ang tunay na pamantayan ng pananampalataya at pamumuhay.

2. Na ito ay nagtuturo na si Jesu-Cristo ay Diyos na nagkatawang tao (1 Timoteo 3:16), at

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

sa Kanya nananahan ang buong kapunuan ng pagka-Diyos. (Colosas 2:9).

3. Na ito ay nagtuturo na ang kaligtasan ay sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya lamang kay Cristo. Na Siya ay namatay para sa kabayaran ng ating mga kasalanan, nabuhay na mag-uli at umakyat sa langit. Na walang anumang kabutihang maidadagdag ang sinuman (Efeso 2:8,9). Na maliban sa dugo ni Jesus na nabuhos sa krus ay walang kapatawaran ng kasalanan. (Hebreo 9:22, Colosas 1:14).

4. Na ang lahat ng mananampalataya ay pari sa harap ng Diyos at puwedeng maghandog ng papuri at pasasalamat (1 Pedro 2:5,9). Ito ay kaiba sa Lumang Tipan na merong nangungunang pari para sa mga tao. Ito ay hindi na totoo ngayon kaya tayo ay may

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

karapatang lumapit sa presensya ng Diyos sa pamamagitan ng ating punong saserdote na si Jesu-Cristo (Hebreo 2:14,15).

Paglilingkod sa Diyos.

Simula ngayon ikaw ay may pribilehiyo nang maglingkod sa Diyos. Subalit mauuna dito ay ang alamin mo ang kanyang kalooban para sa iyong paglilingkod. Kulang pa ang ating buhay upang gantihan ang Kanyang ibinigay na buhay na walang-hanggan. Sa paglilingkod ay mararanasan mo na ang tunay na kaligayahan sa buhay ay nasa malapit na pagkakilala sa Diyos at sa paglilingkod sa Kanya.

Inihahandog

Sa lahat ng taong nilalang kung saan ang Panginoong Jesu-Cristo ay namatay para sa kanilang mga kasalanan upang bigyan sila ng buhay na walang hanggan at kung paano ito matatamo.

“Ang aking bayan ay nalipol dahil sa kakulangan ng kaalaman....” Oseas 4:6

“May daan na tila matuwid sa isang tao ,
Nguni’t ang dulo nito ay mga daan ng
kamatayan”

(Kawikaan 14:12).

LANGIT O IMPIYERNO, Alin Ang Para Sa Iyo?

Berean Memorial Church
1000 E. Sixth St. Irving, TX 75060
972.438.1440
www.bereanmemorialchurch.org